Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata



# Ang Pasimula ng Simbahan


Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Janie Forest


Ibinagay ni: Ruth Klassen
Alastair Paterson
Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org


©2020 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.




Noong namatay si Hesus, ang kanyang mga alagad na natatakot ay nagsisitago sila. Nang nabuhay si Hesus, nagpakita siya sa kanyang mga disipulos.



Si Hesus ay buhay! Ngunit - iwanan sila, upang babalik sa langit na doon palagi nanirahan kasama ang Amang Diyos, ang kanyang Ama.




Bago siya umalis, si Hesus ay nangako sa kanyang mga sumusonod na ipadala ang Banal na Espiritu ng Diyos upang maka at tulong.




(Juan
bigay
ng
ginhawa
15:26).
Malapit
na na ito ay
mangyari. Kaunting
araw nang umalis si Hesus, ang banal
na Espiritu Santo ay dumating.


Ganito ang nangyari.  Mahigit sa 120 na sumusunod kay Hesus ay nanalangin sa isang bahay.



Biglaan, ang bahay ay puno ng ingay tulad ng mabilis na hangin.




Ang dingas ng apoy ay nakapatong sa bawat isa.



Silang lahat ay napuno ng Banal na Espiritu - ito ang pangako ni Hesus!




Sa labas ang mga sumusonod kay Hesus ay nagsalita ng ibat ibang wika na hindi nila napagalaman.



Ang mga dayuhan na dumalaw sa Jerusalem ay nakarinig ng mga alagad na naguusap tungkol sa katakatakang mga gawa ng Diyos sa ibat ibang mga wika.



Ang mga dayohan ay nagulat. “Ano ang ibig sabihin nito?” sila’y nagtanong. “Sila ay nakainom at lasing,” ang tuya ng iba.



Ngunit sinabi ni Pedro, “Ang mga ito ay hindi lasing ... ito ang sinabi ng propeta na si Joel ...”




Pinaala-ala ni Pedro sa kanila na nakaraang maraming taon na noon, ...




... nangako ang Panginoon na ang Banal na Esperitu Santo ay paparito upang magpapala at tutulong sa mga tao.




Sinabi ni Pedro sa mga tao na sila ay magsisisi ng kanilang kasalanan at magpabautismo sa pangalan ni Hesus Kristo. ". . . at makamtan ang biyaya ng Banal na Esperitu," sinabi ni Pedro.



Mahigit sa 3000 taohan ay sumunod. Sila ay nakipagbahagi sa mga disipulos na nagsamba kay Hesus.



Dumaan ang panahon, dumami ng dumami ang sumusunod at nakadagdag sa unang simbahan ng Panginoon na nagsimula sa araw nang pagdating ng Banal na Esperitu.



Ang Banal na Esperitu
ay nagdala ng Kanyang
Kapangyarihan o
lakas mga buhay
ng taohan ng Diyos.



Isang araw, sina Pedro
at Juan ay nagpunta sa
templo sa panahon
ng pananalangin.



Ang isang lumpong pulubi ay nakaupo sa labas ng pintuan ng templo. Humingi siya ng pera kanila Pedro at Juan.





Noon sinabi ni Pedro,
“Pilak at ginto wala ako,
ngunit ang mayron
ako ay ibibigay ko
sa iyo: Sa pangalan
ni Kristo Hesus
na taga Nazaret,
bumangon ka at
lumakad.“



At kinuha ang kanang kamay at itinaas siya.

Isang dakilang pulutong ang nagtipon, nagulat sa milagro. Si Pedro ay nagsalita na ito at kapang-yarihan ng Diyos, hindi sa kanya, naka galing sa mamang lumpo.



Nang pinaala-ala ni Pedro ang mga Hudyo a binuhay ng Panginoon si Hesus sa kamatayan, ...




... ang mga lider ay nagalit at inagaw nila si Pedro at si Juan at binilanggo sila. Dapwa't, mahigit sa 5000 lalake ay tumanggap kay Hesus.



Sa sunod na araw, sina Pedro at Juan ay tumayo sa harap ng mga nangulo sa templo. "Anong kapangyarihan o kaninong pangalan na ginawa ninyo ito?"



Ang tanong ng mga pangulo.  Puno ng Banal na Esperitu, si matapang na Pedro ay sumagot.



"... sa pangalan ng Kristo Hesus ng Nazaret, na inyong pinaku sa krus, binuhay ng Diyos sa kamatayan, ayon sa kanya ito lalaki ay tumatayo sa inyong harapan na buo."





Pinatuloy ni Pedro na walang takot, "... wala ng ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao upang tayo ay maliligtas."

Ang mga pangulo ng templo ayaw na ang mga tao ay magsitanggap kay Hesus, tinakot sina Pedro at Juan. “Mula ngayon huwag kayong magsalita kahit sino man sa pangalan ni Hesus.”





Isang besis natakot si Pedro na manindigan para kay Hesus.



Ngunit wala pa ang Banal na Esperitu noon. Ngayon walang takot siya kahit sino.



Sumagot sina Pedro at Juan, “Kung tama sa harap ng Diyos na makinig sa inyo labis pa sa Diyos, kayo ang huwes.”

Pagkatapos ng pananakot nila, ang mga lider ay pinakawalan sina Pedro at Juan. Ang mga matapang na alagad ng Diyos ay nagkuento ...



... sa mga kasamahan ang nauukol sa bilanggoan at hukoman. Sa gayon sila nagkaroon ng dakilang pagpanalangin at pagpuri sa Panginoon.



Ulit, ang Banal na Esperitu ay dumating at pinuno ang kanyang mga taohan ng kapangyarihan - at ang maliit na simbahan ay lumaki ng lumaki.



# Ang Pasimula ng Simbahan

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Mga Gawa 1-4; Juan 15; Joel 2

“Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag.” Mga Awit 119:130

# Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus.
Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16